

OPISINA NG PANGKALAHATANG
TAGAPAYO
Dibisyon ng Pamamahala ng Operasyon

MEMORANDUM OM 11-62

Hunyo 7, 2011

PARA SA: Lahat ng Rehiyonal na Direktor, Tagapamahalang
Opisyal, at Residenteng Opisyal,

MULA KAY: Richard A. Siegel, Katuwang na Pangkalahatang Tagapayo

PAKSA: Pamamaraan sa Pagtugon sa Estado ng Imigrasyon
Mga Isyu na Naging Usapin Sa Naging Pagdinig ng NLRB

Ang memorandum na ito ay nagbibigay ng maikling pagpapakilala sa mga isyu sa katayuan ng imigrasyon, at isang pag-update kung paano dapat tugunan ang mga naturang isyu sa panahon ng imbestigasyon at pagdinig ng NLRB. Pinoprotektahan ng NLRA ang lahat ng empleyado na sakop ng Batas anuman ang katayuan ng imigrasyon;¹ gayunpaman, ang mga isyu sa katayuan ng imigrasyon ay maaaring makaapekto sa mga remedyo at paminsan-minsan ay nagpapakita ng iba pang mga praktikal na problema para sa pagpapatupad ng Batas. Bilang dagdag sa GC 02-06, ang memorandum na ito ay nagbibigay ng karagdagang gabay para sa pamamaraan kapag naging usapin ang estado ng imigrasyon sa panahon ng pag-aasikaso ng kaso ng NLRB. Tinutukoy din nito ang mga ahensya ng imigrasyon na may kapangyarihan na magbigay ng mga remedyo sa imigrasyon at iba pang tulong sa mga nakaranas ng diskriminasyon o saksi sa paglilitis ng Lupon. Dapat makipag-ugnayan ang mga rehiyon kay DAGC Peter Sung Ohr sa Dibisyon ng Operasyon-Pamamahala tuwing may mga isyun na maaaring mangailangan ng tulong mula sa mga ahensya ng imigrasyon na inilalarawan pa sa ibaba.

A. Kaligiran

1. Mga Ahensya ng Imigrasyon

Mula nang mabuo ang Department of Homeland Security ("DHS") noong 2002, ang pangunahing responsibilidad para sa mga isyu sa imigrasyon ay hinati sa pagitan ng tatlong ahensya sa loob ng DHS:

- Ang United States Citizenship and Immigration Services ("USCIS") ay responsable para sa paghahatol ng mga benepisyo sa imigrasyon, tulad ng mga visa;
- Ang Immigration and Customs Enforcement ("ICE") ay nagsisiyasat sa mga paglabag sa imigrasyon at nagpapatupad ng batas, kabilang ang pag-uusig ng mga aksyon sa pag-alis sa harap ng mga hukom ng imigrasyon sa loob ng Department of Justice;
- Ang Customs and Border Patrol ("CBP ") ay responsable para sa pag-siguro ng mga pisikal na hangganan at mga lugar ng pagpasok.

Sa loob ng limitasyon ng mga batas, ang USCIS, ICE, at CBP ay may paghuhusga na magpasya kung kailan at kung paano ipatupad ang batas sa bawat partikular na kaso na darating sa loob ng kani-kanilang mga hurisdiksiyon. Tingnan ang Reno t. American-Arab Anti-Discrimination Comm., 525 U.S. 471, 483-87 (1999).

Sa pagsasagawa ng paghuhusgang ito, isasaalang-alang ng mga ahensya ng imigrasyon, bukod sa iba pang mga bagay, ang "kasalukuyan o dating pakikipagtulungan [ng indibidwal] sa . . mga awtoridad sa

¹ Sure-Tan, Inc. v. NLRB, 467 U.S. 883 (1984); tingnan ang Hoffman Plastic Compounds, Inc v. NLRB, 535 US 137, 152 (2002) (malinaw na muling pinagtitibay ang prinsipyong ito, bagaman nililimitahan ang mga remedyo upang maiwasan ang salungatan sa batas ng imigrasyon).

pagpapatupad ng batas, tulad ng US Attorneys, Department of Labor, o National Labor Relations Board, bukod sa iba pa." Memorandum, "Exercising Prosecutorial Discretion," Komisyoner ng Immigration and Naturalization Services Doris Meissner, p. 8 (Nobyembre 17, 2000); tingnan din sa Memorandum, "Civil Immigration Enforcement: Priorities for the Apprehension, Detention, and Removal of Aliens," Katulong na Kalihim ng Immigrations and Customs Enforcement John Morton p. 4 (Hunyo 30, 2010); OM Memo 97-11 "Relations with Immigration and Naturalization Service (INS) ng Department of Justice ng Estados Unidos" (Pebrero 14, 1997).

2. Estado sa Imigrasyon:

Ang mga hindi mamamayan² ay maaaring magkaroon ng isa sa dalawang pangkalahatang kategorya ng ayon sa batas na estado ng visa:

- Ang mga **Immigrant visa** ay nagbibigay ng katayuan bilang isang Ayon sa Batas na Permanenteng Residente, na karawaniwang na tinutukoy bilang isang "green card." Ang mga Ayon sa Batas na Permanenteng Residente ay karaniwang may pahintulot na magtrabaho. Ang katayuan na ito ay hindi nage-expire ngunit maaaring wakasan sa iba't ibang mga sitwasyon, kabilang ang ilang mga kriminal na hatol.
- Ang mga **nonimmigrant visa** ay pansamantala at mage-expire sa loob ng isang tiyak na tukoy na panahon. Maraming iba't ibang uri ng nonimmigrant visa, kadalasan ay pinangalanan mula sa subseksyon ng Immigration and Nationality Act ("INA"), na lumilikha ng bawat tiyak na uri. INA, Pub. L. 82-414, ayon sa susog, tingnan sa 8 U.S.C. § 1101, et seq. Halimbawa, ang "H-2B visa" ay tumutukoy sa pansamantalang visa sa manggagawa na pinamamahalaan ng INA § 101(a)(15)(H)(ii)(b), (tingnan sa ibaba). Ang saklaw at kalikasan ng pahintulot sa trabaho ay malaki ang pagkakaiba sa pagitan ng mga nonimmigrant visa:
 - **Walang pahintulot sa trabaho** ang ibinigay ng marami sa mga pinakakaraniwang uri ng nonimmigrant visa, kabilang ang B-1 visa para sa negosyo, B-2 visa para sa mga turista at mga pansamantalang bisita na sakop ng visa waiver program (halimbawa, mga bisita mula sa Hapon, Czech Republic, Italya, Inglatera, atbp.).
 - Ang **limitadong pahintulot sa trabaho** ay ibinigay ng ilang mga visa, partikular na ang mga nakuha sa pamamagitan ng trabaho (sa halip na pamilya o asylum). Ang ganitong awtorisasyon sa trabaho ay limitado sa isang partikular na employer; ang visa ay matatapos kung ang relasyon sa trabaho ay magtatapos, at ang dating empleyado ay hinihiling ng batas na umalis ng bansa. Kabilang sa mga ganitong uri ng visa ay ang H-1 visa para sa mga propesyonal, H-2B visa para sa mga hindi propesyonal, at L visa para sa mga paglilipat sa loob ng kompanya (intracompany transferees).
 - Ang **mas malawak na pahintulot sa trabaho** na nagpapahintulot sa pagtatrabaho para sa anumang employer ay ibinigay ng ilang visa, kabilang ang mga bahagi ng panahon ng ilang student visa, K-1 fiancée visa, at T, U, at S,³ law enforcement visa (na inilarawan nang mas kumpleto sa ibaba).

Paglabag sa mga tuntunin ng visa—sa pamamagitan ng pagtatrabaho kapag hindi pinahihintulutan o sa pamamagitan ng "overstaying" pagkatapos ng pag-expire ng visa—ay maaaring magresulta sa pagkawala ng estado ng visa at pagkakaalis sa bansa. Bukod dito, ang pagpasok sa bansa nang walang anumang balidong estado sa imigrasyon ay lumalabag sa batas ng imigrasyon at maaaring magresulta sa pagpapaalis; ang mga

² "Lahat ng mga taong ipinanganak o naging naturalisado sa Estados Unidos" ay mga mamamayan sa ilalim ng Ika-labing-apat na Susog. Ang mga mamamayan sa karaniwan ay hindi nakakaranas ng problema sa estado ng imigrasyon kapag nagtatrabaho sa Estados Unidos.

³ Ang S visa ay nilikha noong 1994 bilang isang pansamantalang programa at ginawang permanente noong 2001 ay nangangailangan ng sertipikasyon ng Attorney General at nakalimit sa 200 visa bawat taon. Ang mga ito ay magagamit lamang para sa mga impormante laban sa mga kriminal na organisasyon o negosyo. 8 U.S.C. § 1101(a)(15)(S)(i). May karagdagang 50 visa kung saan ang Secretary of State at ang Attorney General ay nagbibigay ng sertipikasyon para sa isang maaasahang impormante sa mga teroristang organisasyon. 8 U.S.C. § 1101(a)(15)(S)(ii); 8 U.S.C. § 1184(k)(1).

taong ito ay karaniwang tinutukoy bilang "**hindi dokumentado.**"

B. Pamamaraan sa Pagtugon sa Estado ng Imigrasyon

Tulad ng nabanggit, ang NLRA ay pinoprotektahan ang mga sakop na empleyado anuman ang katayuan ng imigrasyon. Samakatuwid, ang estado ng imigrasyon (o kawalan nito) ay karaniwang walang kaugnayan alinman sa mga paglilitis ng representasyon o merits stage ng pagdinig ng hindi makatarungang mga paglilitis sa gawain sa paggawa. Tulad ng nakasaad, sa GC 02 06, "Mga Pamamaraan at Mga Remedyo para sa mga Nakaranas ng Diskriminasyon na Maaaring Hindi Dokumentadong Dayuhan sa Hoffman Plastic Compounds, Inc." p. 6:

- Ang mga rehiyon ay karaniwang dapat isipin na ang mga empleyado ay may pahintulot na magtrabaho. Dapat nilang iwasan ang pagsasagawa ng *sua sponte* na imbestigasyon sa imigrasyon at dapat tumutol sa mga tanong hinggil sa estado sa imigrasyon ng nakaranas ng diskriminasyon sa merits stage.
- Dapat lamang imbestigahan ng mga rehiyon ang estado ng imigrasyon ng nakaranas ng diskriminasyon pagkatapos na itatag ang isang inihahabla ang pagkakaroon ng tunay na isyu [sa panahon ng yugto ng pagreresmedyo].
- Dapat magsagawa ng imbestigasyon ang mga rehiyon sa pamamagitan ng pagtatanong sa Unyon, sa naghahablang partido at/o sa nakaranas ng diskriminasyon na tumugon sa ebidensya ng employer.

Dapat patuloy na sundin ng mga rehiyon ang patakaran na ito at kumonsulta sa GC 02-06 para sa karagdagang gabay.

Gayunpaman, ang mga problema sa imigrasyon ay minsan hindi maiiwasan na magsangko sa mga pagdinig ng NLRB. Halimbawa, ang mga nakaranas ng diskriminasyon sa NLRB, mga saksi, o mga empleyado na karapat-dapat sa pagboto ay maaaring dalhin sa kustodiya ng ICE o CBP. Bilang karagdagan, ang estado ng imigrasyon ay maaaring lubos na nakakabit sa isang hindi makatarungang gawain sa paggawa, tulad ng kung saan ang mga banta sa imigrasyon o kaugnay na pag-uugali ay ang batayan ng paratang ng hindi makatarungang gawain sa paggawa. Panghuli, ang isyu ay maaaring kasing-simple na isang empleyado na nagboluntaryo na nagbigay ng impormasyon tungkol sa estado ng imigrasyon o humiling sa Rehiyon ng payo o tulong sa imigrasyon.

Hindi dapat magbigay ang mga rehiyon ng payo sa imigrasyon. Ang paglutas ng mga isyung ito ay pinakamahusay na matugunan kapag ang mga empleyado ay makakakuha ng payo sa imigrasyon sa pamamagitan ng kanilang unyon o mula sa isang independiyenteng abogado sa imigrasyon. Ang mga rehiyon ay maaaring magmungkahi sa mga interesadong tao sa listahan ng mga kinikilalang tagapagbigay ng serbisyo sa imigrasyon na pinananatili ng Department of Justice at matatagpuan sa <http://www.justice.gov/eoir/ra/raroster.htm>.⁴ Ang mga indibidwal kung minsan ay pinagkakamalan tungkol sa kanilang estado ng imigrasyon at ang mga Rehiyon ay hindi dapat ipagpalagay na ang impormasyon sa katayuan ng imigrasyon na boluntaryong binigay ng isang taong hindi kinakatawan ay tama.

C. Paghingi ng Tulong mula sa mga Ahensya ng Imigrasyon Tungkol sa Mga Problema sa Estado

Tulad ng itinatakda sa ibaba, sa ilang mga kaso kung saan ang estado ng imigrasyon ay may partikular na kahalagahan, ang Ahensya ay maaaring magpasya na humingi ng tulong ng isa sa tatlong ahensya ng imigrasyon upang mapatupad ang epektibong pagpapatupad ng NLRA. Ang mga ahensyang itong ay maaaring

⁴ Bilang serbisyo publiko, maaaring maglagay ang Rehiyon ng mga kopya ng listahan ng mga kasalukuyang kinikilalang mga organisasyon at indibidwal sa isang binder sa isang itinalagang lugar sa Rehiyonal na opisina para magamit ng publiko.

tumulong sa pagbibigay ng mga remedyo sa visa, pagpapaliban sa mga aksyon sa imigrasyon sa panahon ng nakabinbing paglilitis ng NLRB, at/o pagpapalaya sa mga indibiduwal mula sa kustodiya o pagbibigay ng akases sa mga saksing nasa kustodiya. Dapat kumonsulta ang mga rehiyon kay DAGC Peter Sung Ohr sa Dibisyon ng Operasyon-Pamamahala kapag ang mga ganitong isyu ay naging isang usapin.

Dapat ding talakayin ng mga rehiyon kasama ng Dibisyon sa Operasyon-Pamamahala ang mga kaso kinasasangkutan ng alinman sa mga sumusunod na pangyayari: 1) kung saan nawawala ang estado ng isang taong sangkot sa kaso, lalo na dahil sa mga protektadong magkasamang pagkilos; 2) kung saan ang presensya ng indibidwal sa bansa ay mahalaga sa pagpapatupad ng Batas; 3) kung saan ang NLRB o proseso ng imigrasyon ay inaabuso ng employer; at/o 4) kung saan alam o sadyang walang alam ang employer sa kawalan ng estado ng empleyado. Ang mga pangyayaring ito ay paglalarawan lamang at maaaring may iba pa kung saan ang pagkonsulta sa Dibisyon sa Operasyon-Pamamahala ay mainam.

1. Pagkawala ng Estado, Lalo na Kung Saan Nawala ang Estado Dahil sa Mga Protektadong Magkasamang Pagkilos

Ang mga kaso na sangkot ang legal na estado ng imigrasyon na ilegal na inalis mula sa isang empleyado bilang direktang resulta ng isang hindi patas na gawain sa paggawa ay lubhang nakakaengganyo. Halimbawa, tulad ng nabanggit, ang isang empleyado na may hawak na nonimmigrant work visa—tulad ng H o L visa—ay nakaasa sa patuloy na pagtatrabaho sa isang partikular na employer upang mapanatili ang estado ng imigrasyon at legal na manatili sa bansa. Ang employer na nagtanggag sa trabaho sa naturang empleyado bilang paglabag sa, halimbawa, Seksyon 8(a)(1) o 8(a)(3), ay labag din sa batas na magtatanggag ng estado ng visa sa empleyado. Dagdag pa, ang imbestigasyon, pag-uusig, at pagreremedyo ng hindi makatarungang gawain sa paggawa ay mapipigilan dahil sa pagkawala ng nakaranas ng diskriminasyon sa bansa. Gayunman, ang pananatili sa bansa upang ipagpatuloy ang di-patas na gawain sa paggawa ay magsailalim sa nakaranas ng diskriminasyon sa parusa sa imigrasyon at maaaring magkomplika sa pagsasaalang-alang sa remedyo -- kahit na ang empleyado ay palaging sumusunod sa batas sa imigrasyon at ilegal na pinagkaitan ng estado sa imigrasyon.

Bukod dito, ang mga kaso kung saan ang mga indibidwal ay nawalan ng legal na estado sa imigrasyon para sa alinman sa iba't ibang mg adahilanan ay maaari ring mangailangan ng tulong mula sa mga ahensya ng imigrasyon upang manatili sa bansa upang lumahok sa mga paglilitis sa NLRB. Kasama sa categoryang ito ang mga kaso kung saan may simpleng pag-expire ng pansamantalang nonimmigrant visa.

2. Kahalagahan ng Presensya ng Indibidwal sa Bansa sa Pagpapatupad ng Batas

Ang mga isyu sa estado ng imigrasyon ay maaaring makagambala sa pagpapatupad at epekto ng NLRA sa pamamagitan ng, halimbawa, nakakaapekto ito sa kakayahang dumalo ng mga nakaranas ng diskriminasyon at mahahalagang saksi sa panahon ng mga paglilitis sa NLRB. Sa gayong mga kaso, maaaring angkop na humingi ng tulong sa mga ahensya ng imigrasyon.

Bukod dito, kinakailangan ang partikular na atensyon kung saan ang umano'y ULP ay nagsasangkot ng nakakabiglang pag-uugali, tulad ng pisikal na pananakot, hindi kusang pagkaalipin, blackmail, o paglabag sa iba pang mga batas.

Ang mga halimbawa ng pisikal na pananakot at hindi kusang pagkaalipin ay maaaring kabilang ang pagkuha ng pasaporte ng isang empleyado o pagpapataw ng mga ilegal na kondisyon sa pagtatrabaho. Ang mga halimbawa ng blackmail ay maaaring kabilang ang panghihimasok sa protektadong aktibidad sa pamamagitan ng mga ilegal na banta ng paghihiganti tulad ng mga banta na tatawag sa mga awtoridad ng imigrasyon o pagbabanta sa mga empleyado na ma-"blacklist". Sa gayong mga kaso, ang karagdagang mga remedyo sa imigrasyon ay maaaring kailanganin, kabilang ang law enforcement visa tulad ng U o T Visa.⁵ Napakahalaga na makipag-

⁵ Ang naturang visa ay para sa mga biktima ng ilang kwalipikadong krimen na nakikipagtulungan sa mga ahensya sa pagpapatupad ng batas. 8 U.S.C. § 1101(a)(15)(T) & (U); 8 C.F.R. § 214.14.

ugnayan ang mga Rehiyon sa Dibisyon ng Operasyon-Pamamahala kapag naging usapin ang mga naturang isyu.

Mga T Visa:

Ang kategoryang T Visa ay nilikha noong 2000 ng Batas para sa mga Biktima ng Trafficking at Proteksyon sa Karahasan ng 2000, Pub. L. 106-386. Ang visa na ito ay makukuha kung saan ang aplikante ay biktima ng "matinding uri ng trafficking sa mga tao,"⁶ at ang biktima ay dapat nasa Estados Unidos dahil sa trafficking. 8 U.S.C. § 1101(a)(15)(T)(i)(II). Ang biktima ay dapat na "sumunod sa anumang makatwirang kahilingan para sa tulong sa imbestigasyon o pag-uusig ng mga gawaing trafficking sa mga tao, o mas mababa sa 15 taong gulang." 8 U.S.C. § 1101(a)(15)(T)(i)(III).

Dagdag pa rito, kailangan ding patunayan ng biktima ang "matinding paghihirap na kinasasangkutan ng hindi pangkaraniwan at matinding pinsala" kung ang biktima ay maging deportado. 8 C.F.R. § 214.11(i) (naglalarawan ng malinaw na pamantayan para sa matinding paghihirap). Mayroon ding limitasyon sa bilang na 5000 T Visa kada taon.

Ang T Visa ay tumatagal ng tatlong taon, at awtomatikong kasama ang pahintulot sa pagtatrabaho. 8 C.F.R. § 214.11(l)(4)(pahintulot sa pagtatrabaho); § 214.11(p)(tatlong taong termino). Maaari ring makakuha ng T Visa ang mga miyembro ng pamilya ng mga biktima; ang mga T Visa para sa kapamilya ay hindi nakapailalim sa limitasyon sa bilang. 8 C.F.R.

§ 214.11(O). Kasama rin sa T Visa ang isang paraan sa pagiging isang legal na permanenteng residente. 8 C.F.R.

§ 214.11(p)(2).

Ang visa na ito ay maaaring magamit sa ilang mga kaso na dumating sa NLRB. Halimbawa, kapag ang isang nakaranas ng diskriminasyon ay dinala sa bansa sa ilalim ng maling pagpapanggap at nakakulong sa mga kondisyon ng isang sweatshop, maaaring magkaroon ng T Visa. Gayunpaman, sa karamihan ng mga kaso, ang mga T Visa ay maaaring hindi igawad dahil maaari ang indibidwal ay dumating sa Estados Unidos na malaya sa anumang trafficking, o ang mga pangyayari ay hindi maaaring ituring sa antas ng malalang trafficking na kinakailangan ng USCIS.

Sa mga pagkakataong maaaring magkaroon ng T Visa, dapat agad na makipag-ugnayan ang Rehiyonal na Opisina lay DAGC Peter Sung Ohr sa Dibisyon ng Operasyon-Pamamahala.

U Visa:

Tulad ng T Visa, ang kategorya ng U Visa ay nilikha ng Batas para sa mga Biktima ng Trafficking at Proteksyon sa Karahasan. Ang U Visa ay magagamit kung saan ang aplikanteng nonimmigrant ay biktima ng isa ang mga sumusunod na "kwalipikadong krimen" habang nasa Estados Unidos:

panggagahasa; pagpapahirap; trafficking; incest; karahasan sa tahanan; seksuwal na pagsalakay; abusadong seksuwal na pakikipag-ugnayan; prostitusyon; seksuwal na pagsasamantala; paghiwa ng ari ng babae; naging hostage; peonage; hindi kusang pagkaalipin; kalakalan ng mga alipin; pagkidnap; pagdukot; labag sa batas na pagpipigil sa kriminal; maling pagkakabilanggo; blackmail; pangngikil; pagpatay sa tao; pagpatay; malalang pananakit; pag-aagaw ng saksi; pagharang sa katarungan; perjury; o pagtatangka, pagsasabwatan, o paghingi ng tulong upang makagawa ng alinman sa mga nabanggit na krimen.

8 U.S.C. 1101(a)(15)(U)(iii).

⁶ Tinutukoy bilang "sex trafficking kung saan ang isang komersyal na akto ng pakikipagtalik ay idinulot sa pamamagitan ng puwersa, pandaraya, o pamimilit, o kung saan ang taong pinilit na gumawa ng gayong gawain ay hindi pa 18 taong gulang; o ang pagrekrut, pagtatago, transportasyon, pagbibigay, o pagkuha ng isang tao para sa paggawa o serbisyo, sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa, pandaraya, o pamimilit para sa layunin ng pagpapasakop sa hindi kusang pagkaalipin, peonage, pagkakatali dahil sa utang, o pang-aalipin." 8 C.F.R. § 214.11(a).

Ang mga aplikante para sa U Visa ay dapat magsumite ng nakumpletong Form I-918, "Petition for U Nonimmigrant Status" sa USCIS para isaalang-alang, kasama ang nakumpleto at sertipikadong Supplement B form na nakumpleto ng isang ahensya na responsable "para sa pagtuklas, imbestigasyon, pag-uusig, pagpapatunay na may sala, o paghatol sa kwalipikadong kriminal na aktibidad." Tingnan sa 8 C.F.R. § 214.14(c)(2)(i); Mga instruksyon para sa I-918, Supplement B at 2. Sa pagkumpleto ng Supplement B, kailangang patunayan ng ahensya na ang indibidwal na nagsusumite ng Form I-918 ay biktima ng ilang kwalipikadong kriminal na aktibidad at, na, o malamang na makatulong sa pagsisiyasat o pag-uusig sa aktibidad na iyon. Tingnan sa 8 C.F.R. § 214.14(c)(2).

Ang USCIS ay malawak na tinukoy ang listaha ng mga kwalipikadong krimen para sa U Visa, at isinaad sa mga kaugnay na dokumento sa regulasyon ang isang listahan "ng mga pangkalahatang kategorya ng kriminal na aktibidad. Ito rin ay isang hindi eksklusibong listahan. Ang anumang katulad na aktibidad sa mga aktibidad na nakalista ay maaaring maging isang kwalipikadong kriminal na aktibidad." Bagong Klasipikasyon para sa mga Biktima ng Kriminal na Aktibidad; Pagiging karapat-dapat para sa "U" Nonimmigrant Status, Pansamantalang Panghuling Utos, 72 F.R. 53014, 53018 (Setyembre 17, 2007).

Kung ang isang Rehiyonal na Opisina ay nakatanggap ng kahilingan na kumpletuhin ang Supplemental B form upang patunayan ang isang aplikasyon ng U Visa, ang Rehiyon ay dapat agad na makipag-ugnayan kay DAGC Peter Sung Ohr sa Dibisyon ng Operasyon-Pamamahala. Sa simula, responsibilidad ng Rehiyonal na Opisina na imbestigahan kung ang aplikante na nonimmigrant ay naing biktima ng isang kwalipikadong kriminal na aktibidad at naging, o malamang na makatulong sa imbestigasyon ng aktibidad na iyon. Ang kwalipikadong kriminal na aktibidad ay dapat na may kaugnayan sa karapat-dapat na hindi patas na gawain sa paggawa na paratang sa ULP na iniimbestigahan ng NLRB.

Sa pagtatapos ng Rehiyonal na imbestigasyon, dapat magsumite ang Rehiyon ng nakasulat na rekomendasyon sa Dibisyon ng Operasyon-Pamamahala na tumatalakay kung ang alegasyon ng ULP ay may kaugnayan sa kwalipikadong kriminal na aktibidad sa loob ng kahulugan ng batas sa U Visa at kung ang aplikanteng nonimmigrant ay nagpakita na siya ay, nagiging, o malamang na makatulong sa imbestigasyon.

Ang U Visa ay dapat na naaangkop sa mas malaking bilang ng mga kaso kaysa sa T Visa dahil sa lawak ng mga krimen na kwalipikado. Kasama sa listahan ang ilang krimen na maaaring maganap sa lugar ng trabaho, at bumubuo rin ng hindi patas na mga gawain sa paggawa sa ilang mga kaso, kabilang na ang "peonage"; hindi kusang pagkaalipin; . . . labag sa batas na pagpipigil sa kriminal; maling pagkabilanggo; blackmail; pangngikil; . . . malalang pananakit; pag-aagaw ng saksi; pagharang sa katarungan; perjury; o pagtatangka, pagsasabwatan, o paghiling na gumawa ng alinman sa mga nabanggit na krimen."

Ang remedyo na ibinigay ng U Visa ay malaki ang pagkakatulad ng mga mayroon T Visa: isang termino ng karaniwang tatlo o apat na taon (maaaring palawigin ng USCIS ang termino na lampas sa apat na pinagsama-samang taon), pahintulot sa pagtatrabaho, mga visa para miyembro ng pamilya, at isang paraan sa pagiging isang legal na permanenteng residente. 8 C.F.R. § 214.14(g), (c)(6), (f), (g)(2), ayon sa pagkakabanggit.

3. Pag-abuso sa Proseso: Paghihiganti Gamit ang Estado sa Imigrasyon

Kung ang isang T o U Visa ay maaaring magagamit o hindi sa isang indibidwal na kasangkot sa isang pagdinig ng Lupon, ang mga Rehiyon ay dapat makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Operasyon-Pamamahala sa mga kaso kung saan ang isang employer ay sinasamantala ang mga isyu sa estado ng imigrasyon sa pagtatangka na abusuhin ang proseso ng NLRB at hadlangan ang epektibong pagpapatupad ng batas. Ang mga halimbawa ng ganitong uri ng pag-uugali ay ang pagtawag o pagbabanta na tumawag sa ICE bilang paghihiganti sa mga protektadong sama-samang pagkilos, pagbanggit ng estado ng imigrasyon bilang isang dahilan para sa labag sa batas na pagpapaalis sa trabaho, at pagtukoy sa estado ng imigrasyon sa isang mapanakot o nagmumungkahing paraan sa panahon ng representasyon o pagdinig sa ULP.⁷

⁷ Sa pangkalahatan, maaaring unghatin ng isang employer ang estado ng imigrasyon sa panahon ng mga paglilitis sa remedyo sa ULP bilang pagtatanggol sa back pay at pagbabalik sa trabaho. GC 02-06; tingnan sa Hoffman Plastic Compounds, Inc. t. NLRB,

4. Kaalaman sa Employer o Sadyang Kamangmangan ng mga Indibidwal na may Estadong Hindi Dokumentado

Dapat ding makipag-ugnayan ang mga Rehiyon sa Dibisyon ng Operasyon-Pamamahala sa mga kaso kung saan ang isang kinasuhang employer ay gumawa ng mga ULP laban sa isang empleyado na nakakaalam o sadyang walang kaalaman sa kakulangan ng pahintulot sa pagtatrabaho sa imigrasyon ng naturang empleyado. Ang naturang mga employer ay nagdudulot ng malaking banta sa pagpapatupad ng NLRA dahil sadyang sinasamantala nila ang kawalan ng estado ng empleyado. Sa karamihan ng ganitong kaso, ang mga empleyado ay malay o pinaghihinalaan na alam ng employer ang kanilang estado sa imigrasyon, at sa gayon ay nag-aalinlangan na gamitin ng kanilang mga legal na karapatan kahit na walang lantarang mga banta sa imigrasyon na ginawa.

Ang uri ng katibayan na nagpapakita na ang isang employer ay alam o sadyang walang alam sa estado ng mga manggagawa ay katulad ng mga sumusunod: kabiguan na humingi ng dokumentong I-9,⁸ komplikasyon sa pagtanggap ng mga pekeng dokumentong I-9, at hindi regular na kasunduan sa pagbabayad. Ang mga banta na gumawa ng aksyon batay sa estado o iba pang pahayag na kumikilala sa estado ng mga empleyado ay sumasalamin din sa kaalaman o sadyang walang alam na Employer.⁹

Konklusyon

Kahit na hindi dapat itaas ng Rehiyon ang usapin ng estado ng imigrasyon *sua sponte*, sa mga kaso kung saan ang naturang mga isyu nagng usapain, ang ahensiya sa immigration ay maaaring magbigay ng mga remedyo sa imigrasyon o paborableng gagawa ng desisyon upang matulungan ang NLRB sa pagpapatupad ng NLRA. Dapat makipag-ugnayan ang mga rehiyon kay DAGC Peter Sung Ohr sa Dibisyon ng Operasyon-Pamamahala sa lahat ng pagkakataon kung saan maaaring bigyang-katwiran ng mga pangyayari ang paggamit ng mga mekanismong ito.

/s/
R.A.S.

cc: NLRBU

Inilabas sa Publiko

535 U.S. 137 (2002); NLRB t. Domsey Trading Corp., F.3d , 10-3356 2011 WL 563688 (2d Cir. Pebrero 18, 2011) ("Aming napag-alaman na ang mga employer ay maaaring suriin ang mga aplikante ng backpay na may kinalaman sa kanilang estado ng imigrasyon, at hayaan ang Lupon upang gumawa ng mga utos sa ebisdensiya na naaayon sa Hoffman.").

⁸ Mga katanggap-tanggap na dokumento upang magtatag ng pagkakakilanlan at pagiging karapat-dapat ng isang manggagawa na magtrabaho sa Estados Unidos.

⁹ Ang paghahanap ng naturang impormasyon ay dapat gawin nang naaayon sa mga alituntunin sa GC 02-06.